# Invisible Superpowers


## Mga Karapatang Pambata




By Precious Kate T. Tayo of Fort Bonifacio Elementary School


and

Bambi and Roland Amago


AAAH!
HELLO! HINDI KA BA KAKAIN? MASAKIT BA TUMMY MO?
KEEP YOUR AREA CLEAN
PUT YOUR TRASH HERE
UWU
HINDI. INAGAW NI BERTO YUNG BAON KO.
OH, NO! SIGE, HATI NA LANG TAYO SA BAON KO.


SALAMAT, DOOBIE. ALAM MO, NATATAKOT AKONG ISUMBONG SIYA KAY TEACHER, HIGHER GRADE KASI SIYA...
HUWAG KANG MATAKOT, TEN. KASI TAYONG MGA BATA, MAY SUPERPOWERS TAYO! PERO INVISIBLE SILA, KAYA HINDI NATIN NAKIKITA.
INVISIBLE SUPERPOWERS? NILOLOKO MO BA AKO?
HINDI! ANG TAWAG SA POWERS NA ITO AY ANG MGA KARAPATANG PAMBATA AT NAGSISILBI SILANG FORCE FIELD NA PUMRO-PROTEKTA SA ATIN.
AT ISA SA MGA KARAPATAN NATIN ANG KARAPATANG MAPROTEKSYUNAN. IBIG SABIHIN, DAPAT MAGING LIGTAS TAYO LABAN SA MGA KALAMIDAD AT NATURAL DISASTERS. PERO HINDI LANG YUN! DAPAT IPAGTANGGOL TAYO NG GROWN-UPS LABAN SA LAHAT O ANO MANG URI NG KARAHASAN, PAGSASAMANTALA, O PANG-AABUSO.
!
PATI SA PAMBUBULLY?


LALO NA SA PAMBUBULLY. DAHIL MAYROON TAYONG **KARAPATAN NA MAMILI** KUNG SINO ANG GUSTO NATING KAIBIGANIN, O KUNG SINONG BARKADA ANG GUSTO NATING SALIHAN, LALO NA ANG ISANG BARKADANG HINDI MAGPAPAHAMAK SA ATIN. PARANG **JUSTICE LEAGUE!**
REALLY?! SO ANO PANG SUPERPOWERS ANG MERON PALA TAYO?
UNANG-UNA, ANG BAWAT BATA AY MAY KARAPATANG MABUHAY, LAHAT NG PANGANGAILANGAN NATIN AY DAPAT NATUTUGUNAN PARA MABUHAY TAYO NANG TAHIMIK AT MAAYOS! KASAMA NA DITO ANG MANIRAHAN SA ISANG LUGAR NA MAY MALINIS NA KAPALIGIRAN AT TUBIG NA LIGTAS INUMIN. PARANG **WAYNE MANOR.**
WOW!
JONSPORT


MAYROON DIN TAYONG **KARAPATANG MAPAUNLAD,** ITO NAMAN ANG KARAPATAN NA MAPABUTI ANG ATING MGA KAKAYAHAN AT TALINO. KASAMA NA DITO ANG PAG-ACCESS SA TAMANG IMPORMASYON AT PAGKAKAROON NG SAPAT NA EDUKASYON. PARANG KAY **SPIDER-MAN.**
MATH
Sa tingin ko...
Sa tingin ko...
ALAM MO BA NA MAY **KARAPATAN DIN TAYONG MAGHAYAG NG OPINION** KAHIT NA BATA PA LANG TAYO?
AT PAKIKINGGAN NILA TAYO?
DAPAT! KARAPATAN NATIN YUN, E!


ANG MGA BATA NAMAN NA TULAD KO NA MAY AUTISM O SPECIAL NEEDS AY MAY EXTRA NA **KARAPATAN SA SPECIAL EDUCATION** AT KARAMPATANG PAGKALINGA UPANG MAGING BUO ANG AMING PAGIGING BAHAGI NG LIPUNAN.
WOW! ANG GALING MO TALAGA MAGDRAWING, TEN!
OO NGA!
MALI PALA ANG NAGAWA KO KANINA.
SORY, HA. SANA MAGING MAGKAIBIGAN NA TAYO.
SIGE. PINAPATAWAD NA KITA.




*In 1989, the UN General Assembly adopted the Convention on the Rights of the Child, it is the most widely ratified human rights treaty in history and is signed by 196 states, including the Philippines.

*The character Doobie and the Axionlotl mask appear here courtesy of the creators of *Doobiedoo Asks.*